

Taon XXXIX Blg. 23 Disyembre 7, 2008 www.philippinerevolution.net

Editoryal

# Magkaisa para labanan at biguin

ang cha-cha!

ariing kinukundena ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang pinag-iibayong opensiba ni Gloria Arroyo para itulak ang cha-cha (charter change o pagbabago ng konstitusyon). Nananawagan ang PKP sa buong sambayanang Pilipino na labanan at biguin ang kanyang mga pagsisikap na palawigin ang kanyang paghahari.

Sarisaring maniobra at pakana ang sinusubukan ngayon ni Arroyo para makapanatili sa poder. Habang papalapit ang katapusan ng kanyang termino sa 2010, lalo siyang nagiging desperadong tumagal pa sa Malacañang. Ito ay sa layuning maiwasan ang paghuhusga ng mamamayan sa di na mabilang na karumal-dumal niyang krimen laban sa bansa at bayan.

Harap-harapan ngayong pinag-iibayo ng pamilyang Arroyo at mga alipures nila ang pagtutulak ng cha-cha sa pamamagitan ng mga pambabaluktot sa sariling mga proseso at batas. Para magmistulang ligal ang mga pamamaraang ito, niraratsada nila ngayon sa Kongreso ang pagpapasa ng mga resolusyon para sa anumang porma ng charter change. Ang mga ligal na usapin ay layon nilang iharap sa Korte Suprema sa 2009 kapag dominado na ito ng mga mahistradong hirang ni Arroyo.

Dahil litaw na litaw ang galit at pagtutol ng mamamayan sa plano ni Arroyo na magpalawig ng kanyang termino, determinado siyang gamitin ang militar, pulisya at iba pang pwer-



Mga tampok sa isyung ito...

Cha-cha dito, cha-cha doon sa Kongreso PAHINA 3 Rebolusyonaryong kilusan sa Leyte, sumusulong PAHINA 5 26 armas nasamsam ng BHB, 34 kaswalti ng kaaway PAHINA 7 sang panseguridad para durugin ang mga demonstrasyon at iba pang kilos-protesta na inaasahang bubulwak laban sa cha-cha. Pinakaiiwasan ni Arrovo na humantong ang mga protesta sa malawakang pag-aalsa laban sa kanyang paghahari. Sakaling hindi pa ito sumapat, naririyan ang huli pa niyang baraha—ang pagpapataw ng "emergency rule" o kaya'y lantarang batas militar. Tinangka na niya itong gawin nang panandalian siyang magdeklara ng "state of emergency" noong Pebrero 2006.

Sakali man, ito na ang pinakamalaking pagkakamali ni Arroyo. Ang cha-cha na ngayon ang naglalatag ng kundisyon para sa mapagpasyang salpukan sa pagitan ng rehimeng US-Arroyo at ng mamamayang Pilipino. Ito na ang sukdulan sa desperadong mga pagsisikap ni Arroyo na manatili sa poder. Makailang ulit nang idineklara nq mamamayanq Pilipino ang kanilang pagkasuklam sa cha-cha ni Arroyo. Hindi na nila papayagang lumawig pa ang kanyang paghahari. Walang busal ang makapipigil sa kanilang

pagsigaw. Walang kadenang makahahadlang sa kanilang nagkakaisang pagmartsa at paglaban.

Namumuo na ngayon ang



pinakamalawak na pambansang nagkakaisang prente laban sa chacha at nasa bag-as nito ang mga patriyotiko at demokratikong pwersa. Nagdeklara na ng kanilang mariing pagtutol sa cha-cha ang maraming organisasyon ng mamamayan, kabilang na ang iba't ibang grupo ng simbahang may malalawak na kasapian. Milyun-milyon ang inaasahang lalahok sa militanteng mga demonstrasyon, martsa at iba pang anyo ng protesta laban sa cha-cha at anupamang pagtatangkang palawigin ang paghahari ni Arroyo.

Habang ipinupwersa nina Arroyo at kanyang mga alipures ang cha-cha, lalong tumitindi ang pagtutol ng mamamayan. Sa malao't madali, ang pagpipilit ni Arroyo na itulak ang cha-cha ang magiging sanhi ng kanyang pagbagsak. Titiyakin ng mamamayang Pilipino na magiging huling sayaw na ito ni Arroyo.

Lubusang sinusuportahan ng PKP at ng mga rebolusyonaryong pwersa ang pakikibaka ng mamamayan laban sa lahat ng hakbanging magpapalawig sa iligal, bulok at mapang-aping paghahari ni Arroyo. Handa itong mag-ambag ng lahat ng makakaya para pamunuan, pagkaisahin at pakilusin ang milyun-milyong mamamayan laban sa cha-cha at magluwal ng daluyong ng protesta laban sa mga imbing pakana ni Arroyo na palawigin ang kanyang kapangyarihan.

Habang bumubwelo ang kilusang masa laban kay Arroyo at sa kanyang cha-cha, at habang sumisigabo ang mga demonstrasyon at iba pang anyo ng protesta, pasisinsinin din ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan at iba pang rebolusyonaryong pwersa ang kanilang mga taktikal na opensiba sa buong kapuluan para parusahan ang rehimeng US-Arroyo at tapusin na ang paghahari.

# ang Bayan

Taon XXXIX Blq. 23 Disyembre 7, 2008

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa:

angbayan@yahoo.com

### Nilalaman

| <b>Editoryal:</b> Magkaisa para labanan at biguin ang Cha-cha  | 1                |
|--|------------------|
| Cha-cha dito, cha-cha doon sa kongreso<br>Pambansang kampanya laban sa cha-cha<br>Rebolusyunaryong kilusan sa Leyte<br><i>Aerial spraying</i> sa mga Lumad | 3<br>4<br>5<br>6 |
| Matatagumpay na opensiba ng BHB<br>26 armas nasamsam, 34 kaswalti ng kaaway<br>Opensiba ng AFP, nakakaantala<br>sa pagpapalaya ng 2 bihag- <i>NDFP</i>     | 7                |
| Dumadami ang batang biktima ng   | 10<br>11         |
| Balita   | 12               |

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

## Cha-cha dito, cha-cha doon sa Kongreso

Sunud-sunod na ang pagsasalang ng mga alipures ni Gloria Arroyo ng mga bago na namang panukala para itulak ang cha-cha (charter change o pagbabago ng konstitusyon). Paspasan ngayon ang pagpapabwelo ng cha-cha matapos idispatsa ng Kongreso ang ikaapat na reklamong impeachment laban kay Arroyo sa botong 183-18. Ngayong nawala nang muli ang banta ng impeachment, panay na ang pagkukumahog ng kanyang mga alipures para tuluyan na ang pag-arangkada ng cha-cha. Mahigit 20 bagong panukala na ang naisusumite ng KAMPI at Lakas-CMD (mga pangunahing partido pulitikal ni Arroyo) sa Committee on Constitutional Amendments ng Kongreso.

Tanda ng desperasyon ni Arroyo na matuloy na ang cha-cha, mismong ang mga kongresistang anak niyang sina Mikey at Dato ang nangunguna sa paghahain ng mga resolusyon at pagkalap ng mga lagda para manawagan ng constituent assembly ("con-ass"). kanilang bersyon nito, magsasanib ang Kongreso at Senado para talakayin ang panukalang pagbabago sa konstitusyon at pagbotohan ang mga ito bilang iisang kapulungan. Sa pamamagitan nito ay masasapawan ng maka-Arroyong mayorya sa mas malaking mababang kapulungan ang pagtutol ng nakararami sa mataas na kapulungan kaugnay ng mga pagbabagong itinutulak ng Malacañang.

Bukod sa mga anak ni Arroyo, may kani-kanya pang panukala para sa cha-cha ang mga nangungunang alipures ni Arroyo tulad ni Rep. Luis Villafuerte ng Camarines Sur. Tulad ng mga anak ni Arroyo, itinutulak ni Villafuerte ang "con-ass." Siyam lahat ang mga panukalang nagtutulak ng "con-ass."

Para madisimula ang pangunahing layunin ng mga ito—ang pagpapalawig ng termino ni Arroyo—marami sa mga nagpapanakula ng "con-ass" ang naghahain din ng paisa-isang amyenda lamang sa konstitusyon na wala umanong kaugnayan sa pagpapatakbo ng gubyerno. Ang totoo, layunin ng mga ito na magsilbing pasakalye sa mga kasunod pang panukala oras na masimulan na ang

"con-ass." Pangunahin na sa mga ihahaing panukala ang iba't ibang paraan para mapalawig ang termino ni Arroyo.

Halimbawa, ang House Resolution 737 ni House Speaker Prospero Nograles ay nagpapanukala ng isa lamang umanong pangekonomyang pagbabago at wala raw itong kaugnayan sa pulitika o anumang mas malalaking pagbabago sa sistema ng gubyerno. Gayunman, masahol itong pagtatraydor sa bayan dahil ipinapanukala nitong ibasura ang isa sa mga natitirang probisyong pumoprotekta sa pambansang patrimonya-ang pagbabawal sa mga dayuhang korporasyon na magmay-ari ng mga lupaing pribado at publiko.

Anim na resolusyon para sa "con-ass" ang nananawagan ng pagbaling sa pederal na sistema ng qubyerno. Dalawa naman ang nag-

papanukala na magkaroon ng iisang kapulungan na lamang ang lehislatura sa halip na dalawang kapulungan—para kagyat nang malusaw ang Senado.

Con-ass

Pinakatahasan ang panukalang inihain ni Rep. Hermilando Mandanas ng Batangas. Parehong tutungo sa pagpapalawig ng termino ni Gloria Arroyo at pagpapalakas ng kanyang kapangyarihan ang mga panukalang ito. Layon ng kanyang HR 548 na pagsanibin ang ehekutibo at lehislatibong sangay para maging mas mahusay umano ang pagpapatakbo ng gubyerno. Nakapagpapaalala ito sa panahon ng diktadura kung saan inangkin ni Ferdinand Marcos ang kapangyarihan ng lehislatura sa pamamagitan ng pag-iisyu ng mga dekreto.

Mas masahol pa ang HR 550 ni Mandanas dahil ipinagpapaliban nito ang eleksyong 2010 at pinalalawig ang termino ng mga halal na upisyal nang hanggang apat na taon. Napilitan na lamang si Mandanas na bawiin ang napa-kagarapal na resolusyong ito matapos pukulin ng kabi-kabilang batikos.

Pinakyaw naman ni Rep. Jose Solis ng Sorsogon ang lahat ng mga probisyong nais mabago ng Malacañang nang isampa niya ang HR 56 na naggigiit na aprubahan ng Kongreso ang lahat ng amyendang ipinapanukala ng Constitutional Consultative Commis-

sion na binuo ni Gloria Arroyo noon pang 2005.

Sa dami ng mga panukalang kaliwa't kanang isinasampa ng mga alipures ni Arroyo sa Kongreso na sumasaklaw sa iba't ibang aspeto ng cha-cha, halatang-halata ang desperadong pagkukumahog ng Malacañang. Todo-todo na ang pagpusta ngayon ni Arroyo sa cha-cha dahil ito na ang kanyang hu-ling "ligal" na baraha para mahawakan pa rin niya nang tuwiran ang kapangyarihan makaraan ang 2010.

# Pambansang kampanya laban sa cha-cha, muling isinusulong

Sinimulan na ng mga progresibo at demokratikong organisasyon at personahe ang muling pagsusulong ng pambansang kampanya laban sa panibagong tangkang baguhin ang konstitusyon. Kaugnay nito, umaabot na sa 50 organisasyon at personahe kabilang si Archbishop Gaudencio Cardinal Rosales ng Maynila ang bumabatikos sa itinutulak na "constituent assembly" (con-ass) ng mga alyado ni Arroyo.

Noong Nobyembre 30, nagrali ang mahigit 2,000 katao sa iba't ibang lugar sa Metro Manila upang ipahayag ang kanilang matinding pagtutol sa "con-ass". Ang rali laban sa "con-ass" ay itinaon sa paggunita ng ika-145 kaarawan ni Andres Bonifacio.


Naglunsad rin ng isang malaking "teach-in" sa Plaza Miranda ang mga alyadong organisasyon sa ilalim ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) tulad ng Kilusang Mayo Uno, Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, Anakpawis, Gabriela, Migrante at Anakbayan. Tinalakay nila sa "teach in" ang pinakamaiinit na usaping pambansa, pangunahin na ang "con-ass." Nagmartsa sila pagkatapos patungong Mendiola Bridge. Naging hudyat ang kilosprotestang ito ng simula ng pambansang kampanya na tinataguriang "Labanan ang cha-cha ni Gloria".

Sa monumento ni Gat Andres Bonifacio sa Balintawak, Quezon City naglunsad rin ng rali ang mga kasapi at kapanalig ng Kilusang Makabansang Ekonomiya. Nagbabala ang mga sumamang obispo na hindi malayong mangyari sa Pilipinas ang mga naganap na malawakang protesta sa Thailand kung ipipilit ng mga alipures ni Arroyo ang cha-cha.

Sinundan ito ng isang "Lakbayan ng mga Maralita" noong hapon ng Disyembre 1 kung saan daan-daang maralitang-lunsod sa pamumuno ng KADAMAY ang nagtipon sa Commonwealth Market at nagmartsa patungong Elliptical Road sa Quezon City.

Hayagan din ang pagtutol ng sumusunod na mga organisasyon

at personahe: Association of Major Religious Superiors of the Philippines (AMRSP), Rev. Eddie Villanueva ng Jesus Is Lord Movement at Bangon Pilipinas, dating Presidente na si Joseph Estrada. United **Opposition** (UNO), Concerned Citizens Movement, Youth Act Now!, Promotion of Church People's Response (PCPR), EDSA 3 Coalition, Sanlakas at Coalition for National Transformation. Nagpahayag din ng pagtutol ang Integrated Bar of the Philippines (IBP), Catholic Educational Association of the Philippines (CEAP), Makati Business Club at Management Association of the Philippines. Tutol din sa cha-cha si Bro. Mike Velarde, lider ng El Shaddai Movement at kinikilalang "spiritual adviser" ni Gloria Arroyo.



# Rebolusyonaryong kilusan sa Leyte, sumusulong



Armed Forces of the Philippines (AFP) na nagapi na nito ang BHB at wasak na ang rebolusyonaryong kilusan sa Leyte. Sa pakikipanayam ng Ang Bayan sa ilang yunit ng BHB sa Leyte, inilarawan ng mga ito kung papaanong patuloy na sumusulong ang armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at iba pang pakikibakang masa sa isla sa kabila ng matinding militarisasyong inihahasik doon ng kaaway.

Malaki sa partikular ang mga pakinabang na nakamit sa ikatlong distrito kung saan inilunsad ang mga antipyudal na pakikibaka.

Tampok ang pakikibaka ng libu-libong manggagawang bukid para okupahin ang nakatiwangwang na malalawak na tubuhan at rantso ng malalaking panginoong maylupa. Tinatayang 800 ektarya nito ay pagmamay-ari ng pamilyang Larrazabal, isa sa pinakamalalaking panginoong maylupa sa Leyte.

Matagumpay ang pakikibaka ng mga manggagawang bukid para makapagtanim ng palay at mais sa naturang lupain. Naglunsad rin ng iba pang porma ng antipyudal na pakikibaka kabilang ang pagpapababa ng upa sa lupa, pagpapataas ng sahod ng mga manggagawang bukid at pagbabalik sa mga magsasaka ng mga lupang inagaw sa kanila.

Nagsilbing mahalagang pundasyon sa pagkakamit ng mga tagumpay na ito ang patuloy na pagpapalakas ng BHB at mahigpit na ugnay nito sa mamamayan sa isla sa kabila ng mga kalupitan ng Oplan Bantay Laya 2 (OBL2).

Nayanig ang malalaking panginoong maylupa sa antipyudal na pakikibaka ng mamamayan. Sinikap ng kaaway na gamitin ang OBL2 sa paghahasik ng lagim upang mawasak ang rebolusyonaryong kilusan.

Lalong lumaganap at tumindi ang mga paglabag sa karapatangtao.


Sa mga lugar na malakas ang mga pakikibakang antipyudal, pinag-iinitan ng militar ang mga magsasaka. May mga kaso na ang mga biktima ay pinakakain ng dumi at pinaiinom ng ihi. Pinagsususuntok ang mga biktima para malunok nila ang duming isinubo sa kanila. Pinipilit din ang ilang magsasaka na ituro kung nasaan ang BHB.

Batay sa bahagyang mga ulat pa lamang, tatlong karumal-dumal na masaker ang naganap sa Leyte mula nang ipatupad ang OBL2 sa isla noong 2007 kung saan 20 magsasaka ang lantarang pinagpapatay ng militar. Marami ang pinararatangang umuugnay BHB kapag pumupunta sa mga bukirin, pinagbubugbog pinalalayas. Pinagpapatay ng mga sundalo ang mga alagang hayop ng mga magsasaka. "Talagang pahirap sa kabuhayan ng mga magsasaka ang kampanyang militar ng kaaway," ayon sa isang nakapanayam na kumander ng BHB.

Ngunit kabaligtaran ng inaasahan ng kaaway, ang pandarahas laban sa mga magsasaka ay lalo lamang nagpapatibay sa kanilang pagtataguyod sa hukbong bayan at rebolusyonaryong kilusan. Nananatili silang matatag. Pinahihigpit nila ang pakikipagtulungan sa BHB. Patuloy nilang tinutulungan ang hukbong bayan sa abot ng kanilang makakaya. Kabilang dito ang boluntaryong pag-aambag ng bigas at iba pang makakain. Ang presensya at kilos

sundan sa"Leyte...,'
sa pahina 6

# Aerial spraying sa komunidad ng mga Lumad



Alaking perwisyo sa mamamayan ng Southern Mindanao ang walang pakundangan at nakasasama sa kalusugang paggamit ng nakalalasong pestisidyo ng malalaking plantasyon. Pinasasahol nito ang matindi nang pagsasamantala at pang-aapi sa maraming mga manggagawa at Lumad sa naturang mga plantasyon.

Kabilang sa pinakamatitinding nabiktima ng aerial spraying ng mga nakalalasong kemikal ang may 150 pamilyang Manobong naninirahan sa Barangay Kamukhaan, Hagonoy, Davao del Sur. Dumaranas ng karamdaman at un-

ti-unting namamatay ang mahigit 700 taumbaryo roon bunga ng pagsasaboy ng nakalalasong pestisidyo ng Lapanday Development Corporation (Ladeco) sa mga sagingan nito sa gilid ng kanilang baryo. Nagsimula ang paglaganap ng mga sakit ng mamamayan sa lugar mula pa noong 1981.

Sarisaring sakit ang dumadapo sa mga taga-Kamukhaan. Laganap ang kanser, bosyo, mga sakit sa mata, anemya at iba pang sakit sa dugo, hika, pag-uubo, kahirapang huminga at iba pang sakit sa baga. Madalas na may iba't ibang abnormalidad ang mga ipinanganganak na sanggol.

Maging ang mga tanim at alaga nilang hayop ay tinatamaan din ng mga sakit. Hindi na namumunga ang kanilang mga niyog at iba pang tanim. Ang ilang hayop na napupunta sa loob o malapit sa sagingan ng Ladeco, nakakakain ng damo o umiinom sa sapa roon ay namamatay. Dahil sa kontaminasyon ng mga ilog at dagat, umaabot na lamang sa ilang kilo ang nahuhuling isda bawat araw mula sa dating daan-daang kilo.

Dahil wala nang mapagkakitaan bilang mga magsasaka at mangingisda ang mga taga-Kamukhaan, marami sa kanila ang napipilitang magtrabaho sa Ladeco. Doo'y direkta silang nalalantad sa mga pestisidyo nang walang anumang proteksyon, kapalit ng kakarampot na P45 arawang sahod. Hindi ginagastusan ng kumpanya ang pagpapagamot ng mga manggagawa tuwing nagkakasakit sila dahil sa kontaminasyon mula sa mga pestisidyo.

### "Leyte...," mula pahina 5

ng kaaway ay kanilang minanmanan at ipinaaabot sa BHB.

Malaki ang naitulong ng masa sa paglulunsad ng hukbong bayan ng 17 taktikal na opensiba mula nang simulan ng AFP ang OBL2 sa lugar. Nakasamsam ang BHB ng 49 na armas mula sa kaaway. Sa naturang mga taktikal na opensiba, 56 na elemento ng kaaway ang napatay. Samantala, sa panig ng BHB, 12 Pulang mandirigma ang nag-alay ng kanilang buhay.

Nakapagrekrut din ang BHB ng dagdag na mga Pulang mandirigma at nakapaglunsad ng iba pang gawaing militar at iba pang aktibidad sa larangan ng kultura, edukasyon, produksyon at iba pa. Patuloy na ipinatutupad ng mga sangay ng Partido at organisasyong masa sa lokalidad ang kani-

lang mga rebolusyonaryong gawain sa lihim na pamamaraan. Hindi nagawang mapigilan ng OBL2 ang mga ito.

Ang natamong mga tagumpay ng armadong rebolusyonaryong kilusan sa kabila ng matinding pagmamalupit ng kaaway sa Leyte ay patunay sa lawak ng naaabot nito, lalim ng pagkakaugat nito sa hanay ng mamamayan at alab ng suportang masa.



# Pagparusa sa mga plantasyong gumagamit ng nakalalasong kemikal

Bilang tugon sa malakas na kahilingan ng mamamayan, kumilos ang mga rebolusyonaryong awtoridad sa Southern Mindanao upang pagbawalan ang malalaking plantasyon na gumamit ng mga nakalalasong kemikal na nakasasama sa kalusugan at kapaligiran. Upang isakatuparan ang kautusang ito, inilunsad ang mga sumusunod na aksyon ng BHB:

Nobyembre 25. Sinunog ng BHB ang isang 10-wheeler na trak na pagmamay-ari ng Sumitomo Fruits Philippines (Sumifru) at ginagamit sa pagdidilig ng nakalalasong pestisidyo. Ang Sumifru ay subsidyaryo ng Sumitomo Group of Companies ng Japan na nagtatanim ng saging na Cavendish at nageeksport nito sa ibang mga bansa. Naganap ang pagparusa sa sa Sityo Cogon, Barangay Tamayong, Calinan, Davao City.

**Nobyembre 10.** Sinalakay ng BHB ang dalawang sagingan sa

Compostela Valley—ang Compostela Plantation Inc., subsid-Sumifru, yaryo nq na nasa Barangay Mangayon, bayan ng Compostela; at Dizon Farms sa Barangay Babag, Monkayo. Limang shotgun, apat na .38 at anim na handheld radios and sinamsam mula sa Compostela Plantation Inc. samantalang dalawang baby armalite, limang karbin at isang handheld radio ang nakumpiska mula sa Dizon Farms.

**Agosto 8.** Pinarusahan ng BHB ang Rio Vista Agribusiness Ventures

(pag-aari ng imperyalistang kumpanyang Marsman Drysdale Corporation) na may malaking plantasyon ng saging sa Maco, Compostela Valley sa pamamagitan ng pagsira ng plantang ginagamit sa paghalo ng mga nakalalasong kemikal na pestisidyo at ang eroplanong ginagamit para sa *aerial spraying* ng pestisidyo sa lugar.

**Abril 14.** Nireyd ng BHB ang APO Land Fruits sa Tungkalan, Toril Davao City at sinunog ang dalawang *generator* nito. Ang APO Land Fruits ay nagsisilbing *packing house* ng Sumifru.

**Abril 9.** Sinalakay ng BHB ang 11,000-ektaryang Dole Stanfilco, subsidyaryo ng dambuhalang Dole Food Co. ng US at sinunog ang packing equipment nito.

## 26 armas, nasamsam ng BHB, 48 kaswalti, natamo ng kaaway

abing-anim na elemento ng kaaway ang napatay at 32 ang nasugatan sa magkakahiwalay na taktikal na opensibang inilunsad ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) mula Nobyembre 18 hanggang Disyembre 3. Sa kabuuan, umaabot sa 26 na armas ang nasamsam mula sa mga taktikal na opensibang ito.

Disyembre 3. Isang pulis ang napatay at apat ang malubhang nasu-gatan nang tambangan ng mga Pulang mandirigma ng BHB ang mga elemento ng 6th Regional Mobile Group (RMG) ng PNP sa Barangay Estado, Victorias City, Negros Occidental. Papunta sana sila sa isang detatsment sa Barangay Gawahon ng naturang lunsod nang mangyari ang ambus.

Pinaputukan din ng isa pang grupo ng mga Pulang mandirigma ang mga tropa ng RMG na sasaklolo sana mula sa Barangay Gawahon.

**Disyembre 2.** Limang sundalo, kabilang ang apat na upisyal ng Army Personnel Management Center ng Philippine Army ang napatay at dalawa pang upisyal nito ang nasugatan nang pasabugan sila ng land mine at paulanan ng bala ng

mga Pulang mandirigma ng BHB. Tinambangan ang yunit ng AFP habang nakasakay ito sa isang trak na Isuzu Elf sa Sityo Bantolinao, Barangay Ganayon, Lianga, Surigao del Sur. Nasamsam ng mga gerilya ang isang M14 at apat na M16, isang *laptop* na kompyuter at mga bala.

Disyembre 1. Anim na tropa ng "B" Coy ng 67th IB ang napatay at 14 ang nasugatan, kabilang ang kanilang kumander na si 1Lt. Francis John Gabawa nang pasabugan sila ng land mine ng mga Pulang mandirigma ng Antonio Nerio Antao Command-Front 15 Operations Command-BHB sa Sityo Macopa, Barangay Mahan-ub, Baganga, Davao Oriental. Inambus ang naturang mga elemento ng



AFP habang naglulunsad ng operasyon para iligtas ang bihag ng digma (Prisoner of War o POW) na si PO3 Eduardo Tumol.Si Gabawa at ang 67th IB ang nanguna sa pagpatay noong Marso 2007 sa batang si Grecil Buya sa isang labanan sa New Bataan, Compostela Valley. Ang pitong taong gulang na bata ay binansagan ng AFP na batang mandirigma ng BHB matapos siya paslangin ng mga tropa ni Gabawa.

Nobyembre 30. Isang sundalo ang napatay nang ambusin ng BHB ang mga elemento ng 36th IB sa Bingkugan, Hinatuan, Surigao del Sur.

Nobyembre 29. Dalawang sundalo ng 67th IB ang napatay at isa ang nasugatan nang harasin sila ng mga Pulang mandirigma ng Antonio Nerio Antao Command-Front 15 Operations Command-BHB sa Sityo Kasunogan, Barangay Mahan-ub, Baganga, Davao Oriental. Bahagi ng sasaklolo umano sa POW na si PO3 Eduardo Tumol ang hinaras na mga sundalo. Bago ito, isang sundalo ang nasugatan nang magkasagupa ang isang iskwad ng 47th IB at mga Pulang mandirigma ng BHB sa hangganan ng Buri, Tapaz, Capiz at Barangay Masaroy, Calinoq, Iloilo.

Nobyembre 28. Tatlong sundalo, kabilang ang isang sarhento at isang korporal ang nasugatan sa isang engkwentro sa pagitan ng magkasanib nga mga elemento ng 1st Light Reaction Company at isang platun ng "B" Coy ng 3rd IB laban sa mga Pulang mandirigma BHB sa Sityo Gamayan, Barangay Anupol, Bamban, Tarlac.

> Nobyembre 28. Isang sundalo ang nasugatan nang isnaypin ng BHB ang detatsment ∞ng 23rd IB-CAA sa Sitvo Maputi, Barangay Doña Carmen, Tagbina, Surigao del

Nobyembre 27. Sampung malalakas na armas ang

nakum-piska ng mga Pulang mandirigma sa Far South Mindanao Region nang salakayin nila ang detatsment ng Civilian Volunteers Organization (CVO) sa Sityo Kiahi, Malapatan, Barangay Kinam, Sarangani. Ang 10 armas na nasamsam nang walang putok ay kinabibilangan ng walong shotgun, isang karbin at isang Garand.

Kinahapunan, isang sundalo naman ang napatay at anim pang iba ang nasugatan nang ambusin ng mga Pulang mandirigma ng Ruperto Tuyac Command-5th Pulang Bagani Company ng BHB ang mga elemento ng 25th IB sa Sityo Paraiso, Barangay Mt. Diwalwal, Monkayo, Compostela Valley.

Nobyembre 18. Labing-isang (11) armas ang nasamsam ng BHB ng Northeastern Mindanao Region (NEMR) nang salakayin nila ang isang minahan ng copper sa Barangay Bayabas, Cabadbaran City, Agusan del Norte. Ayon sa pahayaq ni Ka Maria Malaya, taqapagsalita ng National Democratic Front-NEMR, and nasabing revd ay aksyong pamarusa sa mapang-abuso at mapagsamantalang mga kumpanya ng mina na pag-aari ng pamilyang Amante at mga kaalyado nito.

## Mga gamit ng pulis ng La Libertad, isinauli ng BHB

IBINALIK ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa mga pulis ng La Libertad, Negros Oriental noong Disyembre 1 ang kanilang mga gamit na kinumpiska noon ng mga Pulang mandirigma. Napasama sa pagsamsam ang personal na mga gamit ng mga elemento ng La Libertad-PNP.

Kabilang sa mga isinauli ang tatlong pak, isang kapote, limang cellphone, mga charger nito at iba pang mga personal na pag-aari. Inilagay ang mga ito sa isang kahon at ibinigay ng di nagpakilalang mga kasama sa upisina ng Diocese of San Carlos ng simbahang Katoliko. Ibinigay naman ang mga ito ng kura paroko na si Rev. Fr. Jose Advincula kay Mayor Lawrence Limkaichong ng La Libertad. Ang alkalde naman ang nagdala ng nasabing kahon sa istasyon ng pulisya.

Matatandaang nireyd ng isang yunit ng Leonardo Panaligan Command ng BHB-Negros noong Nobyembre 3 and himpilan nd pulisya sa La Libertad nakasamsam sila sa loob ng limang minuto ng apat na M16, limang pistolang kalibre .45 at mga uniporme. ΑB



# Pinatinding opensiba ng AFP, makaaantala sa paglaya ng 2 bihag—*NDFP*

Binatikos ni Ka Fidel Agcaoili, tagapagsalita ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) Negotiating Panel ang pagmamatigas ng rehimeng Arroyo hinggil sa pagpapaabot ng pormal na kahilingan sa NDFP para palayain ang dalawang bihag ng digma sa Southern Mindanao. Ayon kay Agcaoili, sa halip na simulan ng gubyernong Arroyo ang pormal na proseso ng pagpapalaya sa mga bihag, iniutos pa nito sa AFP ang pagpapatindi ng mga operasyong militar para mailigtas umano sila.

Ipinaliwanag ni Agcaoili na habang walang natatanggap na kahilingan ang Merardo Arce Command (MAC) ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Southern Mindanao, tuluy-tuloy anq imbestigasyon nito sa posibleng paglabag ng dalawang bihag sa karapatang-tao at mga alintuntunin ng digma. Kung may makikitang batayan (probable cause) ay lilitisin sila ng rebolusyonaryong hukumang bayan at lalapatan ng karampatang parusa kung mapatutunayang nagkasala.

Maaaring mapabilis ang paglalapat ng parusa sa gitna ng malawakang operasyong militar, aniya. Subalit kahit mapatunayan silang walang sala, ani Agcaoili, hindi pa rin maaaring palayain ang mga bihag kung walang pormal na kasunduan para sa ligtas at maayos na pagpapalaya.

Ang dalawang bihag ay sina 1Lt. Vicente Cammayo Jr., kumander ng 3rd Special Forces Battalion ng Philippine Army at PO3 Eduardo C. Tumol ng Philippine National Police. Ayon kay Ka Rigoberto Sanchez, taqapaqsalita nq Merardo Arce Command, si Cammayo ay nadakip ng BHB sa Monkayo, Compostela Vallev noong Nobyembre 5 habang si Tumol ay nabihag sa Caraga, Davao Oriental noong Nobyembre 7. Nasamsam sa kanila ang isang M60 light machine gun, isang KG9



1Lt. Vicente Camayo Jr.

submachine gun, tatlong M16, isang M14 at isang kal .45 pistola.

Sa isang bidyo na ipinadala ng MAC sa midya noong Nobyembre 30, nagpaabot ng mensahe si Lieutenant Cammayo sa kanyang mga kasamahan at kamaq-anak kaugnay ng kanyang kalagayan. Ayon kay Cammayo, maayos ang pagtrato sa kanya bilang "prisoner of war" (POW). Pinabulaanan niya ang balitang siya ay sugatan nang sumuko sa BHB noong Nobyembre 7. Ipinaabot din niya sa kanyang pamilya na hindi nilalapastangan ang kanyang mga karapatan at ti-nutugunan kanyang mga batayang pangangailangan.

## Monet, 16

**S**i Monet ay isang 16 anyos na anak ng magsasaka. Sa pinakahuling produksyon ng Sine Proletaryo, ini-lalahad niya ang kalagayan ng mga katulad niyang kabataan sa kanayunan. Isinasalaysay niya ang kahirapang kanilang dinaranas at ang pangarap nilang guminhawa sa buhay.

Ang mga kwento ni *Monet* ukol sa kawalan ng pagkakataong magaral at maagang pagsabak sa paghahanapbuhay ay tipikal na mga karanasan ng kabataang magsasaka. Ang gipit nilang kalagayan ay pinasasahol pa ng militarisasyon sa kanayunan.

Maagang napagtatanto ng mga kabataang tulad ni Monet ang napakakitid na puwang para sa katuparan ng kanilang mga hangarin sa ilalim ng kasalukuyang sistema. Ang kawalang-pag-asang ito ang nagtuturo sa kanila na lumahok sa rebolusyonaryong digma sa kana-

yunan.

Panoorin sa Monet, 16 ang mga daing ng kabataang magsasaka at ang pag-asang natatagpuan nila sa hanay ng Bagong Hukbong Bayan. Ipinamamahagi ito sa anyong VCD at DVD at maaari ring i-download mula sa www.philippinerevolution.net.

Matatagpuan din sa website ang iba pang produksyon ng Sine Proletaryo katulad ng mga Dagli (maiiksing pelikula), Signos at Ambahan.

## Pamamaslang at panggigipit sa mga magsasaka

Palang patid ang mga kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang, sa kabila ng ipinangangalandakan ng rehimeng Arroyo na humupa na ang gayong mga kaso. Ayon sa Karapatan, umabot sa 43 kaso ng pampulitikang pamamaslang ang naitala mula Enero hanggang Setyembre 2008. Nagkaroon din ng pitong kaso ng pagdukot sa panahong ito. Pinakamarami ang kaso ng mga ekstrahudisyal na pamamaslang sa Mindanao, kung saan 19 na kaso ang naiulat mula Hulyo hanggang Setyembre.

Nitong nakaraang dalawang linggo, tampok ang karahasan at panggigipit sa mga lumalabang magsasaka sa mga ulat na nakalap ng *Ang Bayan*:

Disyembre 3. Pinatay si Arnaldo Hoyohoy, 40, isang magsasaka na taga-Barangay Caranoche, Sta. Catalina, Negros Oriental. Nagtamo siya ng isang tama ng bala sa kanang pisngi na lumabas sa kaliwang bahagi ng kanyang leeg. Si Hoyohoy ay anak ng isa sa 30 magsasakang benepisyaryo nang ipa-

ng Department of Agrarian Reform (DAR) and 61ektaryang lupagmapaing may-ari ni dating Rep. Herminio Teves. Labing-isang taong ipinaglaban ng mga magsasaka sa korte ang karapatan nila sa lupa.

mahagi kamakailan

**Disyembre 2.** Dalawang beses na hinarang ng mga pulis ang isang grupo ng mga magsasaka mula sa Sityo Banasi, Barangay Pawili, Bula, Camarines Sur. Una silang hinarang habang nagmamartsa sila patungong Malacañang. Muli silang hinarang nang papunta sila sa upisina ng DAR. Iginigiit ng mga magsasaka na bawiin ni **Executive Secretary Eduardo Ermita** ang kanyang order noong Abril

2008 na naqpapawalambisa sa Certificate of Land Ownership Award na iginawad noong 1997 sa 57 magsasaka ng Banasi para sa 123 ektaryang lupain doon. Ibinalik ng Malacañang ang lupa sa pamilyang Fajardo-Imperial, mga panginoong maylupang dating humahawak nito, dahil pastuhan umano ang lupain at kung gayo'y maaaring ilibre sa CARP at ipailalim sa landuse conversion. Ayon sa mga mag-

sasaka, dinesisyunan ito ng Malacañang nang hindi man lamang iniinspeksyon ang lupain na malaon nang tinatamnan ng tubo, palay at mais.

> Nobyembre **30.** Pinagbabaril ng mga pinagsususpetsahang elementong mili-

tar si Isabelino Celing, 47, Bayan Muna coordinator ng Monkayo, Compostela Valley. Inambus siya sa Sityo Samuag, Barangay Haguimitan, Monkayo. Anim na araw na nakaratay si Celing sa ospital bago siya namatay. Nagtamo siya ng limang tama ng bala. Ang mga salarin ay sakay ng isang pulang XRM na motorsiklo na walang plaka.

Nobyembre 28. Walang kaabug-abog na dinukot ng walong armadong lalaki si Mohammad Diya Hamja, myembro ng Hustisya! at ng Moro Christian People's Alliance (MCPA). Galing sa isang moske si Hamia nang tutukan at sapilitan siyang isakay sa isang puting L-300 na van na may plakang XHC-238. Si Hamia, 50, ay kabilang sa mga residente ng Basilan na inaresto ng militar noong 2000 at pinaratangang myembro ng Abu Sayyaf. Dinetine siya sa Camp Baqonq Diwa sa Bicutan, Taquiq pero pinakawalan din dahil sa kawalan ng ebidensya. Mariing kinundena ng mga tagapagtanggol ng karapatang-tao ang paqdukot kay Hamja.

Nobyembre 27. Siyam na magsasaka mula sa Hacienda Bacan sa Guintubhan, Isabela, Negros Occidental ang arbitraryong inaresto at ikinulong ng mga pulis sa piitan sa Quezon City. Nagrarali noon ang mga magsasaka sa harap ng Land Registration Authority (LRA) para igiit ang kanilang karapatan sa 157-ektaryang lupain na pagmamay-ari ng pamilya ni Mike Arroyo, asawa ng presidente. Kinasuhan sila ng iligal na pagtitipon. Nauna rito, anim na magsasaka mula sa naturang asyenda ang inaresto at binugbog nang salubungin nila ng rali ang pagbisita ni Gloria Arroyo sa Bacolod City noong Oktubre.

Nobyembre 26. Iligal na inaresto ng pinagsanib na pwersa ng Zambales Criminal Investigation and Detection Team at Military Intelligence Group (MIG) ng Eastern Visayas si Oscar Belleza, 51 sa Barangay Banican, Olongapo City. Sinampahan siya ng gawa-gawang kasong murder kaugnay ng purgahan umanong naganap sa Inopacan, Southern Leyte noong 1985. Pinalalabas ng militar na upisyal ng Partido Komunista ng Pilipinas si Belleza.

Nobyembre 23. Iligal na hinalughog ng mga pulis ng Cabuyao, Laquna ang mga bahay nina Cecilia Cervantes at kanyang kapatid na si Leoncia sa Barangay Bigaa, Cabuyao. Si Cecilia Cervan-



tes ay isa sa mga tagapangasiwa ng Labor Education Advocacy Development Response Services (LEADER Inc.), isang grupong nagtataguyod ng mga karapatang pang-unyon.

Ayon sa pamilyang Cervantes, marahas na pinasok ng mga pulis ang dalawang bahay nang walang search warrant. Tinutukan ng baril at pinadapa ang mga myembro ng pamilya na nagkataong naroon at pinilit na sumama sa kanila. Nang tumanggi ang iba, pwersahang dinala ng mga pulis sa presinto si Darwin Cervantes, 25, pamangkin ni Cecilia at pinaratangang gumagamit ng marijuana. Para palabasing si Darwin ang kanilang target, inaresto na rin ng mga pulis ang kaibigan niyang si Jericho Librero sa katabing barvo.

Ang insidenteng ito ay pinakahuli lamang sa nagpapatuloy na kampanya ng paniniil sa mga lidermasa at aktibista sa Southern Tagaloq.

Nobyembre 22. Pinagbabaril hanggang sa mapa-tay si Vicente Paglinawan, isang lider-magsasa-ka. Ayon sa isang saksi, nakiki-pagpulong noon si Paglinawan sa mga myembro ng isang kooperatiba sa Paquibato District, Davao City nang bigla siyang pagbabarilin. Nagtamo siya ng tatlong tama ng bala sa ulo.

Nobyembre 16. Sinalbeyds ng mga elemento ng 39th IB at Scout Rangers ang Pulang mandirigma na si Hajid Marambong (Ka Raffy). Si Ka Raffy at isa pang Pulang mandirigma ay inambus sa Sityo Catalan, Barangay Sibulan, Toril, Davao City. Pareho silang walang armas. Pinupog ng napakaraming bala ang katawan ni Ka Raffy at binagsakan ng malaking bato ang kanyang mukha. Pinalalabas ng AFP na kabilang si Ka Raffy sa 10 Pulang mandirigma nakaengkwentro umano ng 39th IB noong araw na

iyon.

Ang 39th IB din ang responsable sa pagpatay noong 2006 sa mag-asawang George at Maricel Vigo, mga NGO workers sa Kidapawan City; sa magsasakang si Salvador Dante Jr. sa Kisante, Makilala, North Cotabato; at sa Anakpawis volunteer na si Jay Allunar sa Makilala.

Mula rin noong 2006 ay hinaharas, pwersadong pinasusurender o kaya'y ibinibilang sa "hit list" (listahan ng mga papatayin) ang maraming sibilyan sa Kisante, Makilala at sa Coronan at Astorga sa Sta. Cruz, Davao del Sur dahil mga myembro o tagasuporta raw sila ng BHB. Sa Kisante, 40 magsasaka ang ipi-narada at binansagang mga myembro o simpatisador ng BHB. Pirmi ring nasa panganib ang mga komunidad ng sibilyan sa mga bayang ito dahil sa pagkakampo ng RSOT ng AFP sa gitna ng matataong lugar dito.

## Dumarami ang batang biktima ng militarisasyon sa ilalim ng rehimeng Arroyo

UMAABOT sa 948 bata ang dokumentadong biktima ng iba't ibang paglabag sa karapatang-tao mula nang manungkulan si Gloria Arroyo noong 2001. Ito ay batay sa mga rekord ng Children's Rehabilitation Center (CRC), isang institusyong nagmomonitor sa epekto ng militarisasyon sa mga bata.

Umaabot na rin sa dalawang milyong bata ang naging biktima ng sapilitang paglikas, laluna sa Mindanao. Ayon pa sa CRC, di bababa sa 66 bata na ang namamatay, 50 ang tinortyur, 55 ang iligal na inaresto o idinetine at 49 ang pinagtangkaan ang buhay sa panahong nabanggit.

Lumala pa ang mga abuso-militar sa mga bata sa ilalim ng Oplan Bantay Laya 2 (OBL2) dahil dumami ang mga kaso kung saan ang mga batang biktima ay binabansagang mga batang mandirigma at kinakasuhan ng rebelyon.

Bukod rito, ginagamit din ang mga bata bilang mga giya sa mga operasyong militar at pinipilit ang kababaihan at mga bata na magbantay sa mga tsekpoynt. Anang CRC, tahasan nitong isinasapanganib ang mga bata at labag ito sa International Humanitarian Law.

Dumarami rin ang gayong mga paglabag ng rehimeng Arroyo sa karapatan ng mga bata sa kabila ng mga pagsisikap ng mga organisasyon tulad ng United Nations na palakasin ang mga mekanismo para protektahan ang mga bata sa gitna ng mga armadong labanan.

Plano ng CRC na magsumite ng ulat kay Radhika Coomaraswamy, United Nations Special Representative to the Secretary General on the Working Group on Children and Armed Conflict, na nakatakdang dumalaw ngayong Disyembre 8-12 sa Pilipinas.

Kaugnay nito, kasalukuyan ding inilulunsad ng CRC at Salinlahi, isa pang grupong nagtataguyod sa karapatan ng mga bata, ang isang kampanyang pinamagatang "Children Under Siege: Children-Victims of the US-Arroyo Regime's War of Terror." Layunin ng kampanya na isiwalat ang mga paglabag sa karapatangtao ng mga bata bunga ng pagsusulong ng OBL2.



## Bicol, paralisado sa tigil-pasada

PARALISADO nang 95% ang transportasyon sa tatlong prubinsya ng Bicol nang maglunsad ng tigil-pasada ang Concerned Drivers and Operators for Reforms (CONDOR) at Pinagkaisang Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (PISTON) noong Nobyembre 26. Umabot sa 99% ang paralisasyon sa Sorsogon, 98% sa Albay at 85% sa Camarines Sur. Nakapaglunsad rin ng protest caravan sa Masbate.

Pangunahing dinalang
isyu sa
malawakang tigilpasada ang paggigiit ng malak-

ing rolbak sa presyo ng langis at pagbasura sa 12% valueadded tax sa mga produktong petrolyo.

## Mga teroristang pang-aatake sa Mumbai, kinundena ng PKP

KIUNDENA ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang teroristang pang-aatake ng grupong nagpakilalang "Deccan Majahideen" sa Taj Mahal Hotel at siyam na iba pang lugar sa Mumbai, India mula Nobyembre 27-30. Bunga ng walang pakundangang pang-aatake at pangho-hostage na tumarget sa mga inosenteng sibilyan, 172 ang napatay, kabilang ang 22 dayuhan at 239 ang nasugatan.

Ayon sa PKP, ang mga pangaatakeng ito ay taliwas sa interes ng mamamayan Indian. Hindi nito isinusulong ang mga adhikain ng mga taga-India na wakasan ang atrasadong kalagayang panlipunan ng kanilang bansa. Tulad ng ibang mga bansa sa ikatlong daigdig, laganap sa India ang karalitaan, dominasyon ng mga dayuhan at pagsasamantala at pang-aapi ng mga naghaharing uri sa mayoryang

masang magsasaka, manggagawa at iba pang anakpawis.

Nagbabala ang PKP na ang nangyaring pang-aatake sa Mumbai ay isasangkalan ng US at iba pang imperyalistang kapangyarihan para magpakat ng kanilang mga tropa sa India at Pakistan. Gagamitin din itong dahilan ng US para patindihin ang interbensyunistang gera nito sa Afghanistan at South Asia, alinsunod sa plano ni Barack Obama, ang susunod na presidente ng US.

Gayunman, umaasa ang PKP na ang mga teroristang atakeng ito ay hindi makahahatak sa mamamayang Indian palayo sa kanilang rebolusyonaryong pakikibaka na umaabante ngayon sa malawak na kanayunan ng bansa. Anang PKP, makakamit lamang ng mamamayang Indian ang lubos na pambansa at panlipunang kalayaan sa pamamagitan ng pagsusulong ng digmang bayan.

## Bolante muling idiniin sa "fertilizer scam"

PINATOTOHANAN ng mga rehiyunal na direktor ng Department of Agriculture (DA) na si dating Undersecretary Jocelyn "Jocjoc" Bolante ang mismong nagdirihe sa pagpapamudmod ng pondo at proyektong galing sa Ginintuang Masaganang Ani. Sa kabila nito, hindi ito inaamin ni Bolante at nagpatuloy sa pagsisinungaling bagay na inaresto muli siya ng Senate Sergeant at Arms noong Disyembre 4.

Ayon sa naturang mga upisyal, nagkaroon lamang ng ganoong kalaking pondo ang DA nang si Bolante ang naging pinuno nito. Dagdag pa nila, tanging si Bolante ang may kontrol kung sino ang bibigyan ng ₱2.8 bilyong pondo.

Tumestigo rin ang isang "runner" ng kumpanyang pinagbilhan ng mga abono na 70% lamang ng kabuuang pondo ang napunta sa pagbili ng abono. Ang 30% na naipamudmod bilang cash sa mga tumanggap ng abono. Ayon kay Jose Barredo, "runner" ng Feshan Philippines, sobra-sobra ang ipinatong na presyo sa mga abono. Ang perang kunwa'y ginamit sa pagbili ng mga ito ay dumiretso sa mga bank account ni Bolante at ang tauhan nitong si Marites Aytona.

Ang totoong negosyo ng Feshan Philippines, ang kumpanyang ginamit na daluyan ng mga pinalabnaw na abono ay ang pagtitinda ng mga electrical supplies.

Ibinunyag ng midya na umaabot sa 37 ang mga libro-de-bangko ni Bolante ngunit 23 lamang ang inaamin ni Bolante sa mga imbestigasyon. Nakapagtataka, ayon sa mga senador na ang isang tao ay may ganoong karaming bank accounts.

Pinabulaanan naman ng ilang myembro ng Mababang Kapulungan na nakatanggap sila ng pondo para sa eleksyon, taliwas sa mga isinumiteng mga pangalan ni Bolante sa Commission on Audit at DA.

Karamihan sa mga kongresista at gubernador ay nakatanggap ng tig-P5 milyon upang tiyakin diumano ang pagkapanalo ni Arroyo sa eleksyon noong 2004.



### Alok na 12-araw tigil-putukan, tinanggihan ng GRP

TINANGGIHAN ng rehimeng Arroyo ang iminungkahi ng National Democratic Front of the Philippines na 12 araw na tigil-putukan sa kapaskuhan. Inalok ito ng NDFP sa impormal na usapan ng dalawang panel sa Oslo, Norway noong Nobyembre 27-30. Layunin sana ng gayong tigil-putukan ang magbigay-daan sa pag-obserba ng Kapaskuhan. Inaasahan ding magbibigay-daan ito sa negosasyon para sa pagpapalaya ng dalawang bihag ng digma na hawak ngayon ng BHB. Iginiit ni Nieves Confesor, punong negosyador ng GRP, ang isang mas malawig pang tigilputukan bilang paunang kundisyon sa muling pag-usad ang suspendidong usapang pangkapayapaan. Dahil dito, natapos ang impormal na pag-uusap nang walang anumang napagkasunduan.

Ang panukalang malawig na tigil-putukan, ayon Ka Fidel Agcaoili, tagapangulo ng NDFP Human Rights Committee, ay malamang na gagamitin lamang ng rehimen para suhayan ang brutal na kampanyang militar sa ilalim ng Oplan Bantay Laya laban sa rebolusyonaryong pwersa at mama-

mayang Pilipino.

Aniya, hindi seryoso ang gubyernong Arroyo na maglunsad ng sustantibong usapang pangkapayapaan at pakay lamang nitong pahupain at supilin ang rebolusyonaryong kilusan.

Kasabay nito, binatikos ng NDFP ang patuloy na pagsagka ng gubyernong Arroyo sa seryoso at sustenidong negosasyong pangkapayaan para sa mga repormang panlipunan, pang-ekonomya, pampulitika at konstitusyunal bilang salalayan ng makatarungan at matagalang kapayapaan.

### Prime Minister ng Thailand, bumaba na sa pwesto

NAGDEKLARA na si Thai Prime Minister Somchai Wongsawat na bababa na siya sa pwesto matapos ang anim na buwang mga kilos-protesta ng mamamayang Thai sa pamumuno ng People's Alliance for Democracy (PAD). Bunga rin ng malawakang kilos-protesta, binuwag ng Constitutional Court sa Thailand ang partido ni Somchai at dalawa pang naghaharing partido pulitikal. Pinagbawalan din silang lumahok sa pulitika sa loob ng limang taon.

Ang mga kilos-protesta ay inilunsad para patalsikin si Somchai, bayaw ni dating Thai prime minister Thaksin Shinawatra na pinatalsik ng militar sa Thailand noong 2006 dahil sa korapsyon. Noong Disyembre, nanalo si Somchai sa eleksyon matapos ang mahigit isang taong paghaharing militar. Inakusahan ang partido ni Somchai at dalawa pa niyang kaalyadong partido ng malawakang pandaraya at itinuturing din ang kanyang rehimen na pagpapatuloy lamang ng

rehimen ni Thaksin.

Naging rurok ng mga protesta ang walong araw na okupasyon ng mga nagpoprotesta sa pangunahing paliparan ng Thailand. Mahigit 100,000 pasahero ang naapektuhan nang magsara ang paliparan at suspindihin ang mga byahe

Nagbabala ang mga demonstrador na muli silang magpoprotesta sa lansangan kapag ang pumalit na *prime minister* ay masasangkot din sa korapsyon.

## Mga manggagawa sa China, nag-aklas

MAHIGIT 2,000 manggagawang sinisante sa isang pabrika ng laruan sa prubinsya ng Guangdong, China ang lumusob sa upisina ng kanilang pagawaan noonq Nobyembre 25 upang igiit ang pagbabalik sa kanila sa trabaho. Ang pag-aalsang ito sa Kaida Tov Factory na pag-aari ng isang kapitalistang taga-Hong Kong av isa lamang sa pinakahuling kaso ng pag-aaklas ng mga manggagawa sa harap ng lumalalang disempleyo bunsod ng pandaigdigang krisis ng

kapitalismo.

Nakipaglaban ang mga manggagawa sa mga security guards at sapilitang pinasok ang mga upisina ng pabrika. Labinsiyam ang inaresto at anim ang nasaktan sa naturang protesta.

Ang naturang pabrika ay may 6,500 manggagawa. Isa lamang ito sa libu-libong pabrika sa Guangdong na gumagawa ng mga produktong pang-eksport. Karamihan sa mga ito ay pagmamay-ari ng mga dayuhang kapitalista at

gumagawa ng mga murang produkto tulad ng laruan at mga damit.

Mahigit 7,000 mga tinanggal na manggagawa ang nag-aklas din noong Oktubre sa Guangdong nang magsara ang isa sa pinakamalalaking pabrika ng laruan dito na pagmamay-ari rin ng mga dayuhan. Nangangamba ang gubyerno sa China na posibleng tumungo sa malawakang mga pag-aaklas ang kritikal na sitwasyon ng empleyo sa buong bansa.



Taon XXXIX Blg. 23 Disyembre 7, 2008 www.philippinerevolution.net

Editoryal

# Magkaisa para labanan at biguin

ang cha-cha!

ariing kinukundena ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang pinag-iibayong opensiba ni Gloria Arroyo para itulak ang cha-cha (*charter change* o pagbabago ng konstitusyon). Nananawagan ang PKP sa buong sambayanang Pilipino na labanan at biguin ang kanyang mga pagsisikap na palawigin ang kanyang paghahari.

Sarisaring maniobra at pakana ang sinusubukan ngayon ni Arroyo para makapanatili sa poder. Habang papalapit ang katapusan ng kanyang termino sa 2010, lalo siyang nagiging desperadong tumagal pa sa Malacañang. Ito ay sa layuning maiwasan ang paghuhusga ng mamamayan sa di na mabilang na karumal-dumal niyang krimen laban sa bansa at bayan.

Harap-harapan ngayong pinag-iibayo ng pamilyang Arroyo at mga alipures nila ang pagtutulak ng cha-cha sa pamamagitan ng mga pambabaluktot sa sariling mga proseso at batas. Para magmistulang ligal ang mga pamamaraang ito, niraratsada nila ngayon sa Kongreso ang pagpapasa ng mga resolusyon para sa anumang porma ng charter change. Ang mga ligal na usapin ay layon nilang iharap sa Korte Suprema sa 2009 kapag dominado na ito ng mga mahistradong hirang ni Arroyo.

Dahil litaw na litaw ang galit at pagtutol ng mamamayan sa plano ni Arroyo na magpalawig ng kanyang termino, determinado siyang gamitin ang militar, pulisya at iba pang pwer-



Mga tampok sa isyung ito...

Cha-cha dito, cha-cha doon sa Kongreso
PAHINA 3

Rebolusyonaryong kilusan sa Leyte, sumusulong PAHINA 5 26 armas nasamsam ng BHB, 34 kaswalti ng kaaway PAHINA 7

## Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-print sa istensil:
  - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
  - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
  - k) I-click ang Properties
  - d) I-click ang Advanced
  - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
  - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*